

Inuyama Multilingual NEWS

Publishing•Editing:

Inuyama International Association
Inilathala : Marso 31, 2022

Bersiyong Tagalog (No. 4)

Paguusap ng Magulang at anak!

May kasabihan na kapag 「ang magulang ay may kumpiyansang makipag usap」 sa anak, mas madaling palaguin ang kakayahan sa pagsasalita ng kanilang mga anak. Bakit hindi natin basahin ang aklat na may larawan ang ating mga anak. Sa mga

Nag-aaral na, mabuting kausapin din sila tungkol sa kultura ng paaralan ng bansang Hapon



Pagbabasa nang may boses

Ang pagbabasa nang may boses at pagparinig sa anak gamit ang aklat na may larawan, ay isang mahalagang oras para sa komunikasyon sa pagitan ng magulang at anak. sa pamamagitan ng pagbabasa nang may boses, hindi lamang wika ang napapaunlad sa mga anak, napagyayaman rin ang kanilang imahinasyon at pakikinig. Bakit hindi natin kausapin ang ating mga anak sa wika ng magulang na may lubos na kumpiyansa gamit ang aklat na may larawan?

Inuyama City Library (Inuyama Shiritsu Tosyokan)

Sa Inuyama City Library (lib.inuyama.aichi.jp) ay may mga aklat na may larawan sa ibat-ibang wika, may mga aklat na pambata at mga palabas na nakalarawang kwento (picture story show). Halina at sanayin natin sila rito. Dito ay mayroon 「Honkan」 at 「Gakuden Fureai Toshokan」



	Honkan			Gakuden	
	Aklat na may larawan	Aklat pambata	Picture story show	Aklat na may larawan	Picture story show
Spanish	5	1	0	2	0
Portuguese	6	1	0	0	0
English	197	46	23	11	1
Chinese	0	4	0	0	0

Kultura ng paaralang hapon

Pananghalian

Sa Japan, Sa paaralang elementarya at sekondarya ay may probisyon ng pagkain para sa pananghalian. Sa panahon ngayon, nakakapag-alala ang kalusugan ng mga bata, katulad ng labis na katabaan at masyadong pagkapayat dahil sa mga nakakabagabag na gawi sa pagkain ng hindi balanseng mga pagkain sa bahay at hindi pag-a-almusal. Bilang edukasyon sa pagkain, mahalagang papel ito sa pananghalian ng mga bata sa paaralan upang magkaroon ng wastong kaalaman at gawi hinggil sa pagkain.



Paglilinis

Ang paglilinis, ay isang bagay na kayang gawin ng lahat ng bata mula sa kanilang sarili at sa kanilang buhay-eskuwela. Bilang karagdagan sa layunin, ang kanilang 「paglilinis」 ang isang pagkakataon upang matutunan ang kahalagahan ng aktibidad kasama ang grupo at mapaunlad rin ang damdamin ng pagbibigay kooperasyon sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa isa't isa.



Panayam kay Leide na nagtuturo ng Portuguese sa silid-aralan ng katutubong wika.

※Ang silid-aralan ng katutubong wika, ay isang lugar upang matutunan ang katutubong wika.



Guro : Miyaji Dos Santos Leide
Nasyonalidad : Brazil Residence status : Permanent Visa
Dumating sa Japan : Buwan ng Enero /2005
Anak : May 2 anak (Grade 1 at 3 sa elementarya)
Silid-aralan : Isshiki Kosumo Sapo-to Gakushu no kai
(Komaki City)
Bilang ng estudyante sa silid-aralan ng katutubong wika : 3 katao

Bakit mo naisipan na magsimula sa silid -aralan ng katutubong wika ?

Nag- aaral akong mabuti ng Japanese, para mapalaki ko ang aking mga anak sa Japan. Kasabay nito, naisip ko na ito ay para din sa kinabukasan ng aking mga anak kaya ginusto ko na magturo, nang sa gayon ay hindi sila mahirapan sa wikang Portuges. Kung marunong magsalita sa parehong wikang Portuges at Japanese ay maaring maging maayos ang trabaho at maaring mamili ng bansang titirahan. Sa rekomendasyon ng aking guro ay napagpasiyahan ko na magturo hindi lamang sa sarili kong anak.

Kailan nagsimula ang klase sa silid-aralan ng katutubong wika?

Nagsimula ito noong buwan ng Oktubre taong 2020. Nang nasa ikalawang baitang ng elementarya ang aking anak, nakakapagbasa na ako ng hiragana at katana. Pagkatapos ay sinimulan ko na ang pag- aaral ng Portuges. Sinubukan ko rin na hindi ako malito sa Japanese.

Sa tahanan, anong wika ang inyong ginagamit sa pag- uusap?

Ang buong pamilya ay nag-uusap sa wikang Portuges at maayos naman ang aming komunikasyon.

Pagkatapos ng patuloy mong pag-aaral ng iyong sariling wika, nagkaroon ba ng masayang pagbabago?



Nagpapasalamat ako sa aking ina, dahil sa kanyang pagluluto ng masarap na pagkain sa tuwing umuwi ako at pagod sa aking trabaho. Araw ng Sabado at Linggo, gumawa ako ng isang sorpresa upang matuwa siya. Sumulat ako ng liham sa wikang Portuges at nang mabasa niya ito ay naantig ang kanyang damdamin at siya`y umiyak sa tuwa. Nang sinabi niya ang kanyang naramdaman, sa sobra kong saya ay napaiyak din ako .

Sa katulad mong banyaga na nagpapalaki ng anak sa Japan, maari ka bang magbigay ng mensahe sa kanila?

Kahit na hindi kayo nakakaunawa ng Japanese, Nais kong tanungin ninyo ang inyong mga anak tungkol sa ano ba ang mga nangyayari sa paaralan. Ano ang natutunan mo sa paaralan ngayon? Maari bang ituro mo sa akin? Kung minsan ang mga bata ay nagtuturo ng Japanese. Kung hindi ninyo maintindihan ang salita, hanapin ang kahulugan nito. Nais ko rin na purihihin ninyo ang ginagawa ng inyong mga anak. Masaya sila kapag pinupuri sila ng magulang at nagkakaroon ng kumpiyansa sa kanilang sarili. Gayundin naman, ipagpatuloy ang pagtuturo paminsan-minsan kahit na hindi araw- araw. Ang mga bata ay natututo ng paunti-unti. kausapin sila tungkol sa kwento ng inyong bansang pinagmulan, mga pista opisyal at sa sarili ninyong wika nang matuto sila araw- araw ng may interes kasama ninyo.

Sinabi ni Ms Leide na nagsumikap siya hindi lamang para turuan ng sariling wika ang kanyang sariling mga anak.Mayroon din siyang kimpiyansa na kaya niyang mag -aral ng Japanese at napagsikapan niya ang mga ito. Naramdaman niya na mahalaga ang parehong salita na Japanese at ang sariling wika sa pagpapalaki ng bata sa Japan. Sinabi din ni Ms Leide na ang Magulang ang salamin ng kanilang mga anak. Kung nagsisikap ang magulang, gagawin din ng mga anak ang magsumikap.

(Pakikipanayam / Inuyama International Association Tsuji Aiko Pebrero 2, 2022.)

※Portal site para sa mga banyaga at korporasyon sa Aichi Prefecture

Isang porter site para sa mga dayuhan at korporasyon na bagong pasok sa Japan upang makatulong sa kanilang mga propesyon at panlipunang pamumuhay . Mayroon nito sa Japanese, Tagalog, Vietnamese, Ingles at Chinese.



<https://www.pref.aichi.jp/syakaikatsudo/tabunka/yokosoaichi/index.htm>

※Ang portal site ay isang website na nagsisilbing access ng impormasyon basta't may koneksiyon ng internet.

Magrenta o mangupahan ng bahay

Kapag mangungupahan ng bahay, Mayroon isang pamamaraan sa paghahanap ng bahay sa pamamagitan ng pagpunta sa Fudosan-ya (maari silang magpakilala sa inyo sa bahay)

Sa 「Room Search Guidebook」 ay may iba't-ibang wika para sa mga detalye. (Japanese, Spanish, Tagalog, Vietnamese, English at Chinese).

Mangyari lamang na sumangguni dito.

● Tagalog <http://www.mlit.go.jp/common/001312590.pdf>



Mga salitang ginagamit kapag umuupa ng bahay.

- Ooya ⇒ Isang tao na nagpapa-renta o nagpapaupa ng bahay
- Yachin ⇒ Salaping ibabayad sa bawat buwan na upa sa bahay
- Shikikin ⇒ Kung napagpasiyahan na ang pag-upa, ito ay paunang bayad ng mangungupahan. Ito ay gagamitin sa pagpapaayos pagkatapos ng pag-alis upang lumipat sa ibang tirahan. Kung hindi magagamit ng Ooya-san sa pagpapakumpuni ang salaping ito, maibabalik sa kanila ito.
- Reikin ⇒ Kung napagpasiyahan na ang pag-upa, ang taong nangungupahan ay babayaran ng pera ng Ooya-san bilang pasasalamat.
- Chukai Tesuryo ⇒ Pera na ibabayad sa ahente ng real state para sa nag introduce sa bahay

Cool Japan

Shodo

Ang 「Shodo」, ay isang paraan ng pagpapahayag ng iniisip sa pamamagitan ng pagsusulat ng magandang karakter sa papel gamit ang brutsang 「Fude」 na gamit sa pagsusulat at tinta na tinatawag na 「Sumi」. Nabubuo ang kanilang konsentrasyon sa pamamagitan ng pagsasanay sa pagsulat ng magandang titik.



Ang 「Shuji」, ay isang aralin sa paaralan ng mga bata. Ang 「Shuji」 at 「Shodo」 ay may malaking pagkakaiba 「kung may Self expression」. Bakit hindi ninyo din subukan ang mag- 「Shodo」!

Ipinakikilala namin ang banyaga na nagsisikap mag-aral sa Japanese classroom ng Inuyama.



Somoson Sheila Mae Saberon
Nasyonalidad : Filipino
Dumating sa Japan :
Hunyo , 2013
Trabaho : Inspektor sa
pagawaan ng plastic container



Simula pa noong bata pa ako ay mahilig na akong mag- aral. Sa Japanese classroom ay masaya, mabait ang mga guro. Natutuwa ako dahil nakakapag- aral ako ng paunti -unti. Nagagamit ko ang aking mga pinag -aaralang nihongo sa aking pang -araw- araw na pamumuhay. Nais kong ipagpatuloy ang aking pag- aaral para sa pagpapaunlad ng aking sarili.

Ang pangarap ko ay magsikap sa aking trabaho. Nais kong papasukin ang aking dalawang anak sa kolehiyo at kapag sila ay nakapasok na sa kolehiyo, ay nais kung mag- negosyo ng pagkain dahil gusto kong ginagawa ang pagluluto.

Mga komento mula sa boluntaryong tagapamahala

Siya ay interesado sa lahat ng bagay at masigasig siyang nakikilahok sa mga aralin. Aktibo siyang nagsusumikap upang matutunan kaagad kung paano gamitin ang kanyang napag -aaralang Japanese. Masaya silang Nakikipag- usap sa oras ng klase kaya ako ay nasisiyahan rin.



Boluntaryong tagapamahala
Beppu Kai

Nakakatuwang Japanese onomatopoeia!

Alam mo ba ang 「Onomatopoeia」 , ito ay salita na nagpapahayag ng estado o paggalaw na may tunog. Kapag natandaan ang Japanese Onomatopoeia, nagpapasaya ito sa pag- uusap ng Japanese. Subukang gamitin ito! higit na masisiyahan sa pag uusap ng hapon.

• Ukiuki : Estado kapag masaya at nanabik



• Iraira : Estado ng pagkainis



• Kutakuta : Estado ng mukhang pagod na pagod



• Gubigubi : Estado ng malakas na pag inom ng inumin



Inuyama Multilingual News Published by Inuyama International Association
〒484-0086 Aichi-ken, Inuyama-shi, Matsumoto-cho 4-21, Inuyama Community Center 『Freude』
TEL: (0568) 48-1355 FAX : (0568) 48-1356
HP : <http://iiea.info> E-mail: iia@grace.ocn.ne.jp

Translation Volunteer Members

English : Kusakabe Kazuro, Shibata Atsuyuki, Yasumura Megumi, Uchimura Hidetomo, Steve McGuire
Spanish : Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Saeki Liliana
Portuguese : Yara Marcos, Akagi Kazunori, Akagui Mitsue, Yoshida Gisele
Chinese : Harita Misako, Ten Ru, Sun Jiao, Yang Liya, Ozawa Tsutomu
Vietnamese : Pham Thi Nhu Hau, Doan Ba Hoang, Pham Dinh Bang
Tagalog : Higuchi Marita, Kawasaki Maria